

Update sa COVID-19 – ika-1 ng Hulyo 2020

ANONG BAGO

PAGSUSURI SA ANTIBODY

Tatlong daan at labing limang (315) samples na ang nasuri, at isang resulta ay lumabas na positibo.

Malapitang nakipagtulungan ang KEMH clinical staff sa indibidwal na ito at napagalaman na siya ay malamang nan a-expose sa virus nitong simula ng taon. Ang mga taong malapit sa indibidwal na ito ay dumaan din sa pagsusuri at sila ay lumabas na negatibo.

Nais siguruhin ng FIG sa komunidad na ang resultang ito ay di dapat ikabahala, at ang kasalukuyang abiso sa social distancing ay mananatili pa rin.

Ang reagent na ginamit para sa pagsusuri ng antibody ay may limitadong shelf-life kaya't ang pagsusuri sa antibody ay isinasagawa lamang tuwing katapusan ng buwan. Kung mayroong susunod na mga pagsusuri, ito ay iaanunsyo at hihilingin sa mga tao na lumapit para makakuha ng detalye kung papaano mag-request ng pagsusuri.

MGA PAGLILINAW SA SOCIAL DISTANCING AT MGA BUBBLES

Habang kumpanya na tayo sa nakaraang outbreak ng COVID-19 na naranasan natin sa Falkland Islands noong Abril ng taong ito ay naisara na, hindi ibig sabihin nito na tayo ay dapat magpabaya. Ang COVID-19 ay nananatiling isang sakit na mabilis pa ring kumakalat sa buong mundo. Samakatuwid, ang panganib ng COVID ay nananatili – kahit na mayroon tayong mahigpit na mga hakbang sa quarantine, mayroon pa ring pagkakataon na makapasok muli sa isla ang virus. Dahil sa rason na ito, ang mga abiso patungkol sa social distancing at mga rekomendasyon sa mga bubbles ay mananatili.

Ang abiso na ibinigay ay isang gabay, hindi ito batas o panuntunan at hindi ka mapapahamak kung malabag mo ang distansya at konsepto ng bubbles – ito ay abiso lamang para sa pinakaligtas na paraan para mabuhay sa gitna ng COVID pandemic. Sa mga pagkakataon na tayo ay makaranas ng outbreak sa isla, ang abiso ay pag-aaralan muli at ang mga gabay ay babaguhin kung kinakailangan.

Social distancing – bakit dapat mabahala?

Kumakalat ang Coronavirus kung ang mga partikulo ng virus ay mapunta sa katawan papasok sa mga mata, ilong, o sa bibig. Ang ruta ay sa pamamagitan ng kontaminadong surfaces, ngunit lumalabas na ang pinakakaraniwang ruta ng impeksyon ay sa pamamagitan ng maliliit na droplets na nagdadala ng virus, na napakawala sa hangin sa pamamagitan ng pag-ubo at pag-bahing, at sa maliit na sakop ay kung ang isang tao ay nagsasalita o sumisigaw. Ang layunin ng pisikal na distancing ay maging malayo hanggang maaari mula sa taong may impeksyon para maiwasan ang mga droplets sa hangin.

Ang mga batas o panuntunan sa social distancing ay nag-iiba iba sa ibang mga bansa, ngunit sa mga simpleng termino, kung malayo ka sa ibang tao, maliit ang posibilidad na makakuha ka ng impeksyon sa kanila. Inirerekomenda ng mga health officials sa UK na manatiling malayo ng higit sa dalawang metro mula sa isa't isa. At sa distansyang ito, naniniwala sila an gang panagnib ng impeksyon habang harapang nakikipagusao ay mababawasan sa katanggap-tanggap na antas. Ang panganib ng paglipat ng virus ay nababawasan kung malayo ang pisikal na distansya sa isa't isa, kaya't ang pagluluwag ng mga batas o panuntunan sa distansya, partikular na sa loob ng kabahayan, ay maaaring magdulot ng pagtaas ng rates ng impeksiyon.

Ang lahat ba ay patungkol sa distansya?

Hindi. Importante ring tingnan ang paraan ng pagkaka-expose ng isang tao sa virus at kung gaano ito katagal. Habang ang siyensya sa likod nito ay kumplikado, lagi lang tatandaan na magiging ligtas ka hangga't sinusunod natin ang distansya, at kung ikaw ay makramdam ng pag-ubo o pag-bahing ay lumayo sa taong iyong kaharap o umubo/bumahing sa iyong braso, hindi sa iyong mga kamay! Ang social distancing, kasama ng regular at maayos na paghuhugas ng mga kamay ay pinakamainam na paraan para mapanatiling ligtas ang iyong sarili.

At ang limitasyon sa tatluhang bubble?

Kahanay ng mga abiso sa social distancing, para mapanatili kang ligtas sa lahat ng pagkakataon, importante na panatilihing maliit lamang ang iyong grupo. Ang iyong personal na "bubble" ay sinumang nakatira sa iyong bahay kasama mo, at kadalasan ay hindi mo kailangang mag social distancing sa mga taong ito. Ang aming pinakamagandang abiso sa kasalukuyan ay dapat mong panatilihing maliit ang iyong mga samahan (tatluhang bubble). Kung may COVID-19 sa komunidad, ito ay madaling mapapaloob kung ang mga tao ay makikihalo sa mga maliliit na grupo, at kung may outbreak man ay makakatulong ito para makapagsagawa ng madaliang contact tracing.

Muli, ito ay hindi mahirap na batas o panuntunan, ito ay personal na kagustuhan. Ang abiso sa distancing at bubbles ay andyan lamang bilang isang paraan na matulugan ang mga tao na manatiling ligtas sa mga nakakabahalang panahon na ating nararanasan.

May kailangan ba akong gawin kung makita ko ang ibang tao na hindi sumusunod sa mga patnubay?

Wala. Ito ay isang patnubay at pinakamagandang abiso lamang – **hindi ito batas**. Kung makita mo ang ibang tao na gingawa ang kanilang mga nais, ito ay sa kanila na lamang. Ang lahat ng tao ay gumagawa ng kanya-kanyang kagustuhan sa buhay at gumagawa ng sarili nilang mga panganib. Ang iba ay naninigarilyo, ang iba ay labis kung uminom, ang iba ay hindi nag eehersisyo. Ang ibang tao ay piniling huwag sumunod sa mga abisong ito, at dahi sa ating kasalukuyang kalagayan sa virus, ito ay ayos lang at ito ay kanilang personal na kagustuhan.

MGA BAGONG REGULASYON SA QUARANTINE

Kinunsidera at inaprubahan ng ExCo ngayong araw ang mga regulasyon tungkol sa mga quarantine requirements sa pagapsok sa Falkland Islands bilang pagtugon sa coronavirus pandemic. Ang mga bagong regulasyon na ito ay higit na mahalaga upang matulungan at maproteksiyunan tayo sa pagpasok at pagkalat ng virus.

Sa maikling salita, ang mga regulasyon na ito ay mag mamandato na ang lahat ng mga pasahero na dadating sa Falkland Islands ay dapat na mag-quarantine sa loob ng panahon na labing-apat (14) na araw. Nitong nakaraan lamang, ang lahat ng mga dadating sa isla ay isa-isang inutusan ng isang medical officer na mag-quarantine.

Ang mga bagong regulasyon na ito ay mahigpit na ipinapatupad kung sinumang hindi sumunod sa mga quarantine requirements, at ang mga opisyal ng FIG ay mahigpit na magsusubaybay sa mga regulasyon na ito.

Kung sinumang tao ay dumating na walang maititirhan para mag quarantine, ang Gobeyrno ay magsasagawa ng mga pagsasaayo para sa kanila ng walang bayad.

Kaya para maging malinaw – ang kasalukuyang mga abiso sa social distancing at mga bubbles ay hindi ipinipilit at boluntaryo lamang. Ang quarantine pagkarating sa isla ay dapat na isagawa at hindi boluntaryo.

MGA PAGBABAGO SA MGA PETA SA NG SCHOOL HOLIDAYS

Ang mga requirements sa labing apat (14) na araw ng quarantine, sa UK at sa Falkland Islands, bilang resulta ng Covid-19 pandemic, ay nakakagambala sa pagbibigay ng masusing pagluluklok sa mga tungkulin para sa mga bagong guro ng FICS at IJS&CE at sa pagbabalik ng mga school staff sa UK para makitang muli ang kanilang mga mahal sa buhay. Dahil sa mga rason na ito, at sa hiling ng Kagawaran ng Edukasyon, at sa suporta ng mga MLA's, nagkaroon ng karagdagang tatlong (3) araw na idineklarang school holidays ng Gobernador gamit ang kanyang kapangyarihan sa ilalin ng Ordinansa ng Edukasyon. Ang mga petsa na ito ay:

- **Huwebes, ika-6 ng Agosto 2020** – para magbigay daan sa mga kasalukuyang staff na nais bumalik sa UK sa maikling bakasyon para makita ang mga mahal sa buhay, na babalik sa Airbridge sa ika-18 ng Agosto, para makasunod sa dalawang (2) linggong FI quarantine at makabalik sa trabaho sa ika-3 ng Setyembre.
- **Huwebes, ika-3 ng Setyembre 2020** ay magiging school holiday para sa mga bata.
- **Biyernes, ika-4 ng Setyembre 2020** ay magiging school holiday para sa mga bata. Ang karagdagang dalawang araw para sa mga staff ay para makapagbigay ng nararapat na pagluluklok sa mga bagong staff, CPD, mga pagpapalano at paghahanda para masuportahan ang maayos na pagsisimula ng bagong taon ng eskwela.

Samakatuwid, ang mga bata ay magbabalik-eskwela sa Lunes, ika-7 ng Setyembre 2020.

PASUKAN AT LABASAN SA OSPITAL

Nais ipaalala sa publiko ng King Edward VII Memorial Hospital na dahil sa pangangalingan ng KEMH na mapangisawaan ang mahahalagang paggalaw at ang trapiko ng mga pasyente ng COVID-19 sa parehong lugar, walang sasakyang pangpribado o pagaari ng FIG na maaaring mag-park sa KEMH Access Road sa gitna ng Sceretariat at AG's Department at sa Thatcher Drive.

Hindi kasama dito ang mga pasyente na hiniling na dumalo para sa iang pagsusuri at ang "Hot Ambulance" at mga espesyal na deliveries. Karagdagan dito, ang pampublikong daanan na nagdudugtong sa St Mary's Walk at Thatcher Drive ay mananatiling limitado sa publiko maliban na lamang sa staff ng KEMH at mga key workers na nagtatrabaho sa loob ng KEMH. Ang polisiyang ito ay mananatiling hanggang sa petsa ng planadong muling pag-aaral sa Sabado, ika-8 ng Agosto 2020.

Nais pasalamatan ng KEMH ang publiko sa kanilang kooperasyon sa mga oras na ito.

AIR PASSENGER TRAVEL

Habang ang mga paghihigpit sa pagbibiyahe sa gitna ng MPC at Stanley at naluwagan na, ang mga pasahero ng FIG sa Southbound flights ay kailangan pa ring mag book ng commercial transport (Penguin Travel) para sa mga paglilipat sa gitna ng MPC at sa kanilang tirahan sa Falkland Islands. Ito ay bilang suporta sa kasalukuyang pagsasaayos ng quarantine sa mga paparating na pasahero.

Ang mga pasahero ng FIG sa Northbound flights ay hindi kailangang mag-book ng commercial transport at pwedeng ibaba sa MPC, hanggat may maibibigay sila na current requirements tulad ng ZUB pass ay matugunan.

PAALALA SA FACE COVERING

Isang paalala na nakalinya sa mga patnubay ng Gobyerno ng UK, ang mga pasahero na bibiyahe sa South Atlantic Airbridge ay nangangailagan na magsuot ng face covering o takip sa mukha.

Ang mga pasahero na may edad labing isa (11) o pataas ay dapat na may dala-dalang face covering kung sila ay mag-rereport sa Air Terminal at dapat na magsuot ng face covering habang nakasakay sa eroplano.

Ikaw ay dapat na makapagbigay ng pruwera na ikaw ay may face covering sa pag check-in at maaari kang pigilan sa makapasok sa South Atlantic Airbridge, kung ikaw ay walang face covering.

Ang mga pasahero na hindi magsusuot ng face covering habang nasa loob ng eroplano ay maaaring hindi pasakayin muli at sila ay sasagot sa mga pagsasaayos at mga gastusin na may kinalaman sa kanilang alternatibong mga plano sa pagbibiyaha.